

April 18, 1991
9:30 AM

SINIPI SA KATITIKAN NG ESPESYAL NA PAGPUPULONG NG SANG-
GUNANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP
NOONG ABRIL 18, 1991, 9:30 N.U. SA BULWAGANG PULUNGAN
NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS

MGA DUMALO:

Punong Bayan Gelacio I. Yason
Pang. Punong Bayan Jesus M. Dimapilis
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Frisco O. Dimapilis
Kagawad Venancio G. Yap
Kagawad Norberto Q. Paz
Kagawad Arsenio F. Baticos
Kagawad Ireneo P. Castillo
Kagawad Cleto T. Estrada

HINDI DUMALO:

Kagawad Joseph M. Pornel (O.B. -Seminar, Mla.)

10 -
KAPASYAHAN BLG. 14, TAONG 1991

KAPASYAHANG NAGHAHAYAG AT NAGPAPAABOT NG TAUS^{Person}
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG
DATING KONSEHAL NG BAYAN NG ROXAS, PRIMITIVO FABILA.

SAPAGKA'T, si G. PRIMITIVO FABILA ay buong katapatang
naglingkod sa bayan ng Roxas bilang Konse-
hal sa loob ng walong taon;

SAPAGKA'T, bilang Konsehal ng bayan, sa abot ng kan-
yang kakayahan at kaalaman ay sinikap ~~ni~~
yang alamin at tulungang bigyang-kalutasan
ang mga karaingan ng kanyang nga kababayan;

SAPAGKA'T, kahit sa maliit na kaparaanan ay sinikap
niyang ilapit ang pamahalaan sa mga mamama-
yan ng Roxas sa pamamagitan ng mga pagliling-
kod at gawaing nararapat lamang makamit ng
mga mamamayan;

SAPAGKA'T, ang paglilingkurang niya ay hindi lamang isi-
nagawa sa pamamagitan ng tungkuling iniatang
ng mamamayan kundi gayundin ng pagiging ta-
ga-akay ng mga mag-aaral sa paaralan;

SAPAGKA'T, ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kawala-
lan sa mga kababayan niya, at higit sa la-
hat, sa kanyang pamilyang umaasa ng kanyang
pagmamahal at pagtangkilik; at

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang
Mindoro ay lubos na nakikidalamhati at nakiki-
ramay sa mga naulila ng dating Konsehal Pri-
mitivo Fabila.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Venancio G. Yap na
pinangalwahan ni Kagawad Cleto T. Estrada -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ihayag at ipa-
abot sa pamilya ng pumanaw na dating Konsehal
ng bayan ng Roxas, G. Primitivo Fabila, ang
tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng
Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang
mga naulila ni dating Konsehal Primitivo Fa-
bila lakip ang tauspusong pakikiramay at pa-
kikidalamhati.


PINAGTIBAY NG LAHAT.
Abril 18, 1991

6 6 6 -----

PINATUTUNAYAN KO ang katotohanan ng kapasyahang
ito.


VIOLETA P. FUENTES
SB Kalihim

PINAGTIBAY:


GELACIO I. YASON
Punong Bayan